	TAMANG SAGOT (TS) Gabay sa tamang pag-unawa sa PhilHealth Circular	
PhilHealth Your Partner in Health	**Circular No.**	**2023-0029**
	Title	**Implementing Guidelines for the PhilHealth Outpatient Drug Benefit Package**

A. Karaniwang Tanong ng mga Beneficiaries

Tanong	Sagot
1. Ano ang PhilHealth Outpatient Drug Benefit Package o PhilHealth Guaranteed Accessible Medications for Outpatient Treatment (PhilHealth Gamot)?	Ito ay benepisyong magagamit para sa mga medisinang pang-outpatient na irereseta sa mga pasyente.
2. Bakit inilunsad ang PhilHealth Outpatient Drug Benefit?	Ito ay alinsunod sa Republic Act 11223 o Universal Health Care (UHC) Act kung saan inatasan ang PhilHealth na bumuo ng komprehensibong benepisyo para sa mga pasyenteng hindi kailangang magpaospital kung saan kabilang dito ang outpatient drugs. Layunin nitong mabawasan ang gastusin sa gamot ng mga Filipino at mapadali ang pagkuha ng mga kailangang gamot.
3. Ano ang mga serbisyong nakapaloob sa polisiya?	Makikita sa Basic Medication List ang limampu't tatlong (53) gamot na kabilang sa benepisyong ito. Kasama rito ang mga gamot para sa diabetes, altapresyon, mataas na kolesterol, impeksyon, hika o para sa Chronic Obstructive Pulmonary Disease (COPD), at mga gamot na karaniwang ginagamit sa iba't-ibang sakit tulad ng paracetamol, aspirin, oral rehydration salts, at iba pa.

	TAMANG SAGOT (TS) Gabay sa tamang pag-unawa sa PhilHealth Circular	
	Circular No.	**2023-0029**
	Title	**Implementing Guidelines for the PhilHealth Outpatient Drug Benefit Package**

4. Magkano ang halaga ng benepisyo?	Bawat miyembro ay makagagamit ng benepisyong aabot sa siyam na libong piso (PhP 9,000.00) para sa mga gamot kada taon. Anumang halaga na lalagpas dito at mga gamot na hindi kabilang sa Basic Medication List ay babayaran ng pasyente.
5. Magkano ang halagang babayaran ng PhilHealth kada gamot?	Nakasaad sa polisiya ang halaga o fixed amount na dapat sundin ng mga botikang kabilang sa PhilHealth GAMOT. Ito ang magiging batayan sa pagkaltas sa naaayong halaga mula sa PhP 9,000 na benepisyo ng miyembro at sa budget na nakalaan sa isang botika.
6. Sino ang makagagamit ng benepisyo at paano ito magagamit?	Lahat ng Filipino ay makagagamit nito. Kailangan lamang magparehistro sa PhilHealth upang magkaroon ng PhilHealth Identification Number (PIN). Matapos makakuha ng PIN, kailangang magparehistro ang miyembro sa isang PhilHealth Konsulta Provider para mabigyan ng reseta. Tanging ang mga doktor sa isang accredited Konsulta provider ang makakapag-reseta ng gamot para sa pasyente. Sisimulan ang implementasyon ng PhilHealth GAMOT sa mga piling lugar na iaanunsyo ng PhilHealth.

	TAMANG SAGOT (TS) Gabay sa tamang pag-unawa sa PhilHealth Circular	
PhilHealth Your Partner in Health	**Circular No.**	**2023-0029**
	Title	**Implementing Guidelines for the PhilHealth Outpatient Drug Benefit Package**

7. Saan pwedeng makuha ang mga gamot? Ano ang kailangang dalhin?	Makukuha ang gamot sa alinmang botika o partner provider na tatawaging GAMOT Facility. Ang listahan ng mga ito ay kabilang sa ilalabas ng PhilHealth. Kailangang magpresinta ng kahit anong government ID, PIN, at reseta mula sa doktor ng PhilHealth Konsulta na naglalaman ng tinatawag na unique prescription security code (UPSC).
8. Ano ang UPSC at bakit ito kailangan?	Ang UPSC ay isang electronically generated code na makikita sa reseta upang matiyak na ang mga niresetang gamot ay mula sa Konsulta Provider at magiging batayan ng botika sa pagbibigay ng gamot at sa pagkonsumo ng pasyente sa kaniyang P9,000 benefit package.
9. Magagamit pa rin ba ang diskwento para sa mga senior citizen at PWD?	Oo, magagamit pa rin ang mga ito alinsunod sa batas kasabay ng PhilHealth GAMOT.
10. Gaano karaming gamot ang maaaring makuha kada reseta?	Sa bawat konsultasyon, maaaring magreseta ang doktor nang hanggang tatlong (3) buwang maintenance medications ngunit maaari lamang mag-claim sa botika ng hanggang isang (1) buwang gamot pang-maintenance o kumpletong dami ng antiobiotics batay sa reseta. Maaaring bumisita ulit sa GAMOT Facility sa susunod na buwan para makuha ang mga gamot na hindi pa naibigay. Kung kinakailangan, maaari ring magpakonsultang muli sa Konsulta Provider upang makakuha ng panibagong reseta.

	TAMANG SAGOT (TS) Gabay sa tamang pag-unawa sa PhilHealth Circular	
PhilHealth Your Partner in Health	**Circular No.**	**2023-0029**
	Title	**Implementing Guidelines for the PhilHealth Outpatient Drug Benefit Package**

B. Karaniwang Tanong ng mga Health Service Providers

Tanong	Sagot
11. Sino ang maaaring maging GAMOT Facility at paano magpa-accredit sa PhilHealth?	Anumang pasilidad na may kakayahang magbigay ng gamot at lisensyado ng Food and Drug Administration (FDA). Para maging GAMOT Facility: 1.) Magpa-accredit sa PhilHealth. Isumite ang lahat ng requirements at sa nakasasakop na PhilHealth Regional Office o pinakamalapit na Local Health Insurance Office sa pasilidad o botika. 2.) Sumali sa isang Health Care Provider Network sa pamamagitan ng isang kontrata o tinatawag na Service Level Agreement (SLA).
12. Ano ang mga requirements sa pagpapa-accredit sa PhilHealth?	Bukod sa nakasaad sa polisiya ng PhilHealth GAMOT, ang detalyadong proseso ng accreditation ng mga health service providers ay siya ring susundin sa PhilHealth GAMOT. Makikita ang proseso sa Philhealth Circular No. 2023-0012 o Omnibus Guidelines on the Accreditation of Health Facilities (HFs) to the National Health Insurance Program. Ang mga sumusunod ay dapat isumite para maging isang accredited GAMOT Facility: 1. Provider Data Record 2. Notarized Performance Commitment 3. Resibo ng Accreditation Fee na PhP 1,000.00 4. Completed Self-Assessment Tool 5. Copy of Updated FDA LTO - Para sa DOH FOURmula One Plus Botika ng Bayan: Memorandum of Agreement (MOA) sa pagitan ng DOH at ng LGU

	6. Dokumentasyon ng operasyon bilang isang botika sa pamamagitan ng: a. Tatlong (3) taong Historical Sales Report b. Tatlong (3) taong Annual Income Tax Return (BIR Form 1702-RT) - Para sa DOH FOURmula One Plus Botika ng Bayan: Medication Dispensing Records
13. Ano ang Health Care Provider Network o HCPN at paano mapabilang dito?	Ito ay isang organisadong Province- o City-Wide Health System na naglalayong mabuo ang lahat ng pangangailangang pangkalusugan ng mga benepisyaryong itinalang paglilingkuran. Upang ang GAMOT Facility ay mabayaran, bukod sa pagpapa-accredit sa PhilHealth, dapat din itong makipagkontrata sa isang HCPN.
14. Ano ang nilalaman ng kontrata o Service Level Agreement (SLA)?	Ang PhilHealth GAMOT ay nagtakda ng template SLA na maaaring sundin o maging gabay ng HCPN sa pagkontrata ng mga kasaping healthcare providers. Ilalagay dito ang mga obligasyon ng bawat partido, ang mga kondisyon at detalye ukol sa pagbayad, parusa sa paglabag, at iba pang mahahalagang detalye ukol sa magiging relasyon ng HCPN at ng GAMOT Facility.